REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-147

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PASASALAMAT SA LAHAT NG TUMAYONG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA SINA KGG. ROGER JOHN P. SMITH, KGG. RESTITUTO N. SANTOS, KGG. BALDOMERO D. NIEFES, KGG. ROMEO J. TAN, KGG. SIMEON BUMANGLAG, KGG. PRAXEDES P. BIGATA, KGG. FE ISABEL D. SERVIDA AT KGG. FRANCISCO UMALI SA KANILANG MATAGUMPAY AT KASIYA-SIYANG PANUNUNGKULAN BILANG KINATAWAN NG MGA MAMAMAYAN NG MUNTINLUPA SA PANAHONG ANG MGA HALAL NA KAGAWAD AY HINDI MAKAGANAP SA KANILANG MGA TUNGKULIN.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, sa panahong ang mga halal na kagawad ng Sangguniang Bayan ay hindi makaganap sa kanilang mga tungkulin, ang mga itinalagang mga kagawad ay siyang nagpunyagi na pantayan ang pagsisikap ng mga ito upang maisulong ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga itinalagang mga kagawad ay nagpakita ng kakaibang sipag at dedikasyon sa kanilang sinumpaang tungkulin sa pamamagitan ng pagkakaisa sa pagpapasa at pagpapatibay ng mga pangparliyamentong hakbangin na maghahatid sa Pamahalaang Bayan sa ibayong tagumpay;

SAPAGKAT, ang mga ganitong pagpupunyagi para sa ating bayan ay nararapat lamang na bigyan ng pagpapahalaga at pagdakila;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan na bigyan ng pasasalamat at pagkilala ang mga tumayong kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na sina Kgg. Roger John P. Smith, Kgg. Restituto N. Santos, Kgg. Baldomero D. Niefes, Kgg. Romy J. Tan, Kgg. Simeon Bumanglag, Kgg. Praxedes Bigata, Kgg. Fe Isabel D. Servida at Kgg. Francisco Umali sa kanilang matagumpay at kasiya-siyang panunungkulan bilang kinatawan ng mga mamamayan ng Muntinlupa sa panahong ang mga halal na kagawad ay hindi makaganap sa kanilang mga tungkulin.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na mabigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga nabanggit na kagawad.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-87th regular na pulong na ginanap ngayong ika-06 ng Hunyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan